



PINAGHAHANAP NG FBI

JULIEANNE BALDUEZA DIMITRION

Hindi Pagharap (Pandaraya sa Pagsasangla ng mga Bahay)



John at Julieanne Dimitrion

PAGLALARAWAN

Alyas: Julie Anne Baldueza Dimitrion

Ginamit na Petsa ng Kapanganakan: Marso 22, 1972

Lugar ng Kapanganakan: Massachusetts

Buhok: Itim

Mata: Kayumanggi

Taas: 4'11"

Timbang: 120 hanggang 140 libra

Kasarian: Babae

Lahi: Asyano

Hanapbuhay: Hindi Alam

Nasyonalidad: Amerikano

Mga Peklat at mga Marka: Hindi Alam

NCIC: W440768252

GANTIMPALA

Nag-aalok ang FBI ng gantimpala sa hanggang \$10,000 para sa impormasyong humahantong sa pag-aresto kay Julieanne at John Dimitrion.

MGA PUNA

Ang mga Dimitrion ay huling nalaman na nasa lugar ng Mililani ng Oahu, Hawaii. Si Julieanne Dimitrion ay may mamahaling panlasa sa pananamit, lalong lalo na sa mamahaling damit panloob, mamahaling disenyo ng mga bags at mga sapatos.

BABALA

Si Julieanne Dimitrion at ang kanyang asawang si John ay kinasuhan noong Pebrero ng 2009 para sa pandaraya sa pagsasangla ng mga bahay. Noong Abril ng 2009, sila ay umamin sa salang pagpapatakbo ng isang pamamaraan ng pandaraya kung saan ginamit nila ang kanilang mga kumpanya upang kumbinsihin ang nagigipit na mga may-ari ng bahay na talikuran ang kanilang mga tahanan sa layunin na mapabuti ang pampinansiyal na posisyon ng mga biktima. Nangako sila na ipupuhunan ang mga nalikom na pera sa pagbebenta ng bahay, ngunit sa halip ay ginamit ng mga Dimitrion ang pera ng mga biktima upang pondohan ang kanilang marangyang pamumuhay. Bilang resulta, maramihang pamilya sa Oahu, Hawaii, ang nawalan ng kanilang tirahan. Ang mga Dimitrions ay nakatakdang hatulan sa hukuman ng Distrito ng Estados Unidos sa Honolulu, Hawaii, noong Hulyo 6, 2010, ngunit sila'y hindi nagpakita sa paghahatol. Isang pederal na utos sa pag-aresto para sa hindi pagharap ang sumunod na inilabas para sa bawat isa sa kanila.

Kung mayroon kang anumang impormasyon tungkol sa taong ito, mangyari pong makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado ng Estados Unidos.

Lugar ng Tanggapan: Honolulu